Au pair Support

Payo para sa isang matagumpay na pagtatakda at pananatili ng au pair

Para sa mga au pair at pamilyang nag-anyaya

Ang Au pair Support ay nagbibigay ng libre, at propesyonal na payo para sa mga au pair at sa mga pamilyang nag-anyaya sa kanila sa Denmark. Ang layunin ng pagpapayo ay upang matiyak ang matagumpay na pagtatakda at pananatili ng au pair at makasiguro na ang pagtatambal ay maayos para sa parehong partido.

Ang Au pair Support ay bahagi ng Dansk Flygtninge-hjælp (Danish Refugee Council) – isang pribado na makataong organisasyon na nagtatrabaho ng walang kaugnayan sa pamahalaan.

Ang bawat empleyado sa Au pair Support ay mapagkakatiwalaan at sumusunod sa tungkulin pagdating sa usapang kompidensiyal. Nangangahulugan ito na maaari kang makipag-usap sa amin tungkol sa anumang bagay – pati sa mga kompidensiyal na impormasyon na siyang hindi mo nais na malaman ng ikatlong partido o awtoridad.

Mga kinakailangan para sa pagiging isang au pair

Upang maaprubahan bilang isang au pair dapat ikaw ay nasa pagitan ng 17-29 taong gulang at walang asawa. Bukod dito, kinakailangang may sariling kuwarto na i-alok sa iyo ang isang pamilyang nag-anyaya. Ang pamilyang nag-anyaya ay kinakailangan mayroong hindi bababa sa isang bata na may gulang na mababa sa 18 na nakatira sa bahay.

Ang isang mahalagang layunin ng iyong pananatili bilang au pair ay ang matutunan ang wika at kultura upang mapaunlad ang iyong sarili. Ito ay maaari lamang kung ay iyong pangunahing kakayahan sa wika ay sapat na sa simula ng iyong pananatili.

Mga karapatan at tungkulin ng isang au pair

Ang ibig sabihin ng au pair ay "pantay-pantay na pagtrato." Ang isang au pair ay dapat ituring na parang isang miyembro ng pamilya ng nag-anyaya. Ang au pair ay dapat na bigyan ng libreng tirahan at pagkain at dapat tratuhin ng pareho o katumbas ng ibang mga miyembro ng pamilya. Ang mga pang-araw-araw na obligasyon sa tahanan ay kailangang gawin sa loob ng 5 oras lamang sa isang araw at humigit kumulang 30 oras sa isang linggo. Ang au pair ay mayroong karapatang magkaroon ng hindi bababa sa isang araw ng pahinga o "day off" sa loob ng isang lingo. Dagdag dito, nararapat din silang bigyan ng perang panggastos na nasa pamantayang halaga.

Ang pananatili ng au pair ay maaaring tumagal hangang 18 buwan. Maaari lamang mapahaba ang pananatili ng isang au pair ng hindi lalagpas sa 24 buwan sa mga espesyal na kaso kung saan ang isang batang imbalido, may kapansanan o malubhang kalagayan ay napalapit or dumidepende na sa au pair.

Kapag naabuso ang patakaran tungkol sa au pair

Ang isang au pair ay may permisong manirahan at hindi permisong magtrabaho sa Denmark. Ayon sa batas ng Denmark, sa anumang pagkakataon, ang au pair ay hindi maaaring magkaroon ng tungkulin or trabaho ng hihigit sa 30 oras kada lingo o magtrabaho para sa ibang tao maliban lamang sa pamilyang nag-anyaya sa kanya.

Kapag lumabag sa batas o patakarang ito, ang parehong partidong magkasabwat sa nasabing illegal na trabaho ay maaaring parusahan sa pamamagitan ng pagmumulta o kaya ay pagkakakulong. Dagdag pa dito, ang au pair ay mawawalan ng permisong manatili sa Denmark at kakailanganin siyang umalis ng bansa.

Ang isang pamilyang nag-anyaya na lumabag sa kondisyon ng kontrata, kagaya ng oras ng trabaho o kaya ng pagbibigay ng nararapat na perang panggastos, ay maaring alisan ng karapatang magkaroon ng au pair sa loob ng mahabang panahon.

Udlændingeservice (Kagawaran ng Imigrasyon)

Ang patakaran ng au pair sa Denmark ay pinamamahalaan ng Udlændingeservice (Kagawaran ng Imigrasyon). Sa website ng www.nyidanmark.dk makahahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pangangailangan at alituntunin para sa mga au pair at sa pamilyang nag-anyaya.

Ang Au pair Support ay nag bibigay ng tulong at payo sa mga sumusunod na bagay:

- Mga karapatan at tungkuling ng mga au pair at pamilyang nag-anyaya
- Mga patakaran sa oras ng trabaho, gawain at perang panggastos
- Mga kondisyon ng tirahan, seguro (insurance) at kalusugan
- Pagpalit ng pamilyang nag-anyaya
- Mga konsikuwensiya pag lumabag sa kontrata
- Mga konsikuwensiya kapag nag trabaho na hindi legal

- Mga batas ukol sa reunification ng pamilya at iba pang mga permisong manirahan (residence permits)
- Ang pamamagitan sa pagitan ng mga au pair at pamilyang nag-anyaya na may hindi pagkakaunawaan
- Alalay o tagapayo para sa mga au pair na nasa isang emergency situation

Pakikipagugnayan sa Au pair Support

Ang mga au pair at pamilyang nag-anyaya ay maaring makakuha ng payo at patnubay sa Au pair Support.

Ang aming mga telepono sa pagpapayo ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, alas-9 ng umaga hanggang alas-3 ng hapon sa telepono: 33 73 53 22, at maari ding pumunta o bumisita ng walang paunang appointment sa amin tuwing Biyernes, mula alas-10 hanggang alas-12 sa Borgergade 10, 3. Sal, 1300 Kbh. K upang humingi ng payo.

Puwede ka ring magpadala ng sulat o katanungan sa pamamagitan ng e-mail sa contact@aupairsupport.dk. Bukod dito, makakahanap ka ng dagdag na impormasyon, payo at kasagutan sa iba pang mga katanungan sa aming website www.aupairsupport.dk.

Au pair Support

Au pair Support
Dansk Flygtningehjælp
Borgergade 10, 3.
DK-1300 København K
T: +45 3373 5322
www.aupairsupport.dk
contact@aupairsupport.dk